

# Ibalik ang Inyong Karapatang Bumoto!

## Nahatulan ba kayo bilang kriminal? Maaaring elihible kayong bumoto.

Para bumoto sa mga eleksyon ng California, ang tao ay kailangang: 1) mamamayan ng Estados Unidos, 2) residente ng California, 3) 18 taong gulang o higit pa sa Araw ng Eleksyon, 4) hindi kasalukuyang hinatulan ng hukuman na walang kakayahan sa pag-iisip para bumoto, at 5) hindi kasalukuyang nasa pang-estado pampederal na bilanguan o parolado dahil sa hatol na felony

## Karapat-dapat kayong bumoto kung kayo ay:

- Nagsisilbi sa kulungan ng county ng isang sentensiyang misdemeanor, pagkakulong dahil sa felony, o naghihintay ng paglilitis
- Nasa parole o probation (para sa anumang uri ng paghatol)
- Nasa sapilitang pangangasiwa ng komunidad pagkatapos palayain
- Nasa ilalim ng paghuhusga para sumailalim sa pag-iingat ng kabataan

## Kasalukuyan kayong hindi karapat-dapat bumoto kung kayo ay:

- Nagsisilbi ng isang termino ng estado o pederal na pagkabilanggo para sa hatol na felony.



# Tapos nang magsilbi ng inyong termino?

## Naibalik na ang inyong karapatang bumoto ngunit kailangan pa rin ninyong magparehistro upang makaboto!

Maaari kayong magparehistro upang makaboto online o sa pamamagitan ng koreo gamit ang papel na form para sa pagpaparehistro nang hanggang 15 na araw bago ang susunod na eleksyon. Matapos ang petsang iyon, kailangan ninyong personal na magparehistro sa sentro ng botohan, o lugar ng botohan, at bumoto habang kayo ay naroon.

Bisitahin ang **RegisterToVote.ca.gov** upang punan ang isang online na aplikasyon o makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon upang humiling ng papel na form ng rehistrasyon sa koreo.

Makakukuha rin ng mga papel na form sa mga gusali ng gobyerno tulad ng mga aklatan at mga ahensya na tumutulong sa publiko.



### May mga katanungan?

Nagtatrabaho ang Departamento ng mga Eleksyon kasama ng yunit para sa Prisoner Legal Services (Mga Serbisyong Ligal ng Preso) ng Opisina ng Sheriff ng San Francisco para magbigay ng mga serbisyo sa pagpaparehistro at pagboto sa mga taong nakabilanggo sa bilangguan ng County ng San Francisco. Kung kayo o may kakilala kayong maaaring makinabang sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa Mga Serbisyong Ligal ng Preso sa (415) 558-2472.